# Panalangi'y Mithiing Tunay






5. Panalangi'y tinig ng tao
   Na dati'y may sala.
   Ang mga anghel, nagdiriwang,
      umaawit,
   'Pagkat nagsisisi s'ya.

6. Sa dalangin, ang mga Banal
   Ay nagkakaisa
   Sa isip, wika at gawa, habang
      kapiling
   Ng Diyos Anak at Ama.

7. Dalangi'y 'di lamang sa mundo,
   Mayro'ng sumasamo.
   Espiritu Santo, maging si
      Jesucristo,
   Nagtatanggol sa tao.

8. Katotohanan, Buhay, Daan,
   At Bugtong ng Ama,
   Landas ng dalangin, Inyong
      tinahak minsan,
   Ako'y turuan t'wina.

*Titik:* James Montgomery, 1771–1854
*Himig:* George Careless, 1839–1932

3 Nephi 13:5–13; 18:15–20
Santiago 5:16